



SULAT SA MGA TAGA-EFESO

Efeso ang maraming bahagi ng sulat sa mga taga-Colosas, ngunit waring sinulat ito sa kakaibang mga kalagayan.

Di tulad ng mga sulat sa mga taga-Roma, taga-Colosas... hindi tumutugon ang Efeso sa mga alalahanin ng isang komunidad na nakakakilala sa apostol at nakikilala din niya. Sa halip, isa itong dokumentong ipinadadala sa mga komunidad upang pagnilayan ng mga mananampalataya ang kanilang sariling pagka-Kristiyano. Kinakailangang maunawaan ng mga taong ito – ang karamihan sa kanila’y di personal na nakilala si Jesus o ang mga apostol niya – ang tampok na lugar ng Iglesia Katolika sa plano ng Diyos.

Ang sulat bang ito ay ginawa ni Pablo o ng isa sa kanyang mga alagad? Ipinapalagay ng marami na tumutugon ang Efeso sa mga alalahaning angkop sa mga unang taon pagkamatay ng mga apostol tulad ng mga sulat kay Timoteo at kay Tito. Kaya maaaring sinulat ito pagkamatay ni Pablo. Ngunit kapag nakita natin ang mababang panliteraturang uri ng pagsulat ng mga Kristiyano ng unang siglo at ng kanilang mabuway na teolohiya, hindi kapanipaniwalang ang ganito kagandang paglagom ng pananampalatayang Kristiyano ay magagawa nang wala si Pablo. Sa maraming bahagi nito, kinukumpleto at pinupunuan ng Efeso ang masasayang pananaw na ibinigay sa Roma.

Palatandaan ng kasalukuyan ang pinag-iibayong sama-samang pagpupunyagi ng mga tao na magkaisa, at kasabay nito, ang pagkakahati ng mundo sa malalaking grupong nakikipagpaligsahan sa isa’t isa. At may tunggalian dahil nga sa di-maiiwasang pangangailangan na pumunta sa pagkakaisa, at iba’t iba pa ang kanilang mga kuru-kuro tungkol sa huling adhikain: saan ba galing ang mundo? Saan ba papunta ang sangkatauhan?

Nang mapreso si Pablo sa Roma, kapi-tolyo ng Kanluran, nagkaroon siya ng pagkakataong pakinggan at suriin ang mga doktrinang nanggagaling sa lahat ng sulok ng daigdig. At sinimulan niyang sagutin ang mga katanungan sa sulat sa mga taga-Colosas.

Ngunit sa *sulat sa mga taga-Efeso*, na ginawa pagkatapos ng sa mga taga-Colosas, sumulat muli si Pablo, nang mas matindi kaysa dati, tungkol sa plano ng Diyos. Nilikha para sa atin ang mundo upang makalitaw ang Bagong Tao, upang maging isang pamilya kay Kristo. Makakatagpo ng buong sanlibutan ang isa’t isa – bawat isa’y may kanyang sariling lugar – sa persona ng Diyos na makayayakap sa kanila sa walang-hanggang pag-ibig.

Muling tinatalakay ng sulat sa mga taga-

1

¹ Bati ni Pablo na apostol ni Jesucristo sa kagustuhan ng Diyos, sa mga banal at matapat kay Jesucristo (na nasa Efeso):

² Sumainyo nawa ang grasya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at mula sa Panginoong Jesucristo.

• ³ Pasalamatang ang Diyos na Ama ni Jesucristong ating Panginoon! Pinagpala niya tayo mula sa kalangitan, kay Kristo, ng bawat pagpapalang espirituwal;

⁴ hinirang na nga niya tayo sa kanya bago pa nilalang ang mundo upang tayo'y maging banal at walang kasalanan sa paningin niya. Sa pag-ibig, ⁵ itinalaga niya tayong ampunin mula sa kawalang-hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo at para sa kanya, ayon sa mapagmahal na kalooban niya, ⁶ upang purihin ang maringal na kaloob niyang nasa Minamahal na ipinagkaloob niya sa atin.

⁷ Sa kanya natin nakakamtan ang katubusang pinagtibay sa dugo niya, ang kapatawaran ng ating mga pagkakasala, ayon sa yaman ng kanyang pag-ibig ⁸ na pinaapaw niya sa atin.

Sa lubos niyang karunungan at kaalaman

⁹ ibinunyag niya sa atin ang kanyang mahiwagang balak, ang kagandahang-loob na inilagay na niya kay Kristo.

¹⁰ Hinangad nga niyang buuin at pag-isahin kay Kristo sa kaganapan ng panahon tanang bagay sa langit at sa lupa.

• **1.3** Ang unang pahina nitong sulat sa mga taga-Efeso ang pinakamalawak ang sakop at pinakamalalim na pagpapahayag ng Kristiyanong misteryo sa Biblia. Nagsisilbi itong panimbang sa maringal na pahayag ni Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Roma na waring itinatampok ang pagkilos ng Diyos sa trahedya ng makasalanang sangkatauhan.

Purihin ang Diyos! Karaniwa'y sinisimulan ni Pablo ang kanyang sulat sa pagpuri at pasasalamat. Ngunit dito'y pambihira ang haba ng panalangin; kasabay ng pasasalamat ni Pablo, ipinahahayag niya ang *misteriyosong plano ng Diyos*, na naunawaan niya sa pamamagitan ng isang pagbubunyag (3:3).

Ang kanyang mahiwagang balak (9). Ang talagang sinabi ni Pablo ay: ang *misteriyong* ito; ngunit ang kahulugan ng mga salitang ito ay ang plano ng Diyos para sa kanyang likha. Nakaugat sa Diyos ang planong ito, o mas tama, sa tatlong Persona ng Diyos. Alam natin na sa Ama nagmumula ang Anak at Espiritu, at mula sa kanya nila natatanggap ang kanyang pagka-Diyos, sa pagiging iisang Diyos ng tatlo. Ngunit bukod sa pakikipag-ugnayan at paghahatid-buhay sa loob ng Diyos, *hinangad ng Ama*, o mas tama, ng pan-Diyos na Konseho, mula sa kawalang-hanggan, na ihatid ang kasaganaan nito sa nasa labas, sa mga nilalang: ito ang mahiwagang balak na tinutukoy ni Pablo, na sumasaklaw sa buong kasaysayan ng sangkatauhan,

sagrado at di sagrado. Ayon sa planong ito, kina-kailangang ang mga aariing anak ng Diyos (5), na may kakayahang tumanggap ng kanyang Espiritu at magbalik nito sa kanya, ay isilang at dumami sa mundo, mga anak na, sa huli'y titipunin sa iisang katawan (10).

Hinirang tayo ng Diyos kay Kristo (4) Bigyan-pansin ang salitang ito kay Kristo na ipinaliwanag natin sa 1 Cor 1:4. May dalawang bahagi ang pagkahirang sa atin ng Diyos.

Una, alam natin na nilikha tayo ng Diyos bilang mga kislap o larawan ng kanyang Anak na siyang tunay niyang larawan at ningning (Heb 1:1). Nagmumula sa Diyos ang bawat nilalang sa pamamagitan nitong Anak na pinagninilayan niya ng kanyang sariling kasaganaan at pinagbubuhusan ng kanyang buong pagmamahal. Sa kanya tayo nakilala ng Diyos Ama sa simula't simula pa.

Nilikha tayong malaya ng Diyos at batid niyang hindi madaling makikita ng ating marupok na kalayaan ang daan patungo sa angkop na tugon ng isang anak. Kaya nga niya inilagay ang krus ni Kristo sa sentro ng kanyang mapanlikhang plano. Aakayin ng Karunungan ng Diyos ang buong kasaysayan ayon sa misteryo ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Dapat tayong umabot sa kaganapan sa pamamagitan ng ating mga kamalian at kahinaan. Sa pagdating ni

¹¹⁻¹² Kay Kristo kami hinirang at itinalaga nang umasa sa Mesiyas.
Ito ang pasya ng nagsasagawa ng lahat niyang binalak at niloob:
upang purihin dahil sa amin ang dakilang karangalan niya.

¹³ Narinig din ninyo ang tunay na salita –
na siyang ebanghelyo ng ating kaligtasan – at naniwala kayo kay Kristo
at tinatakan ng ipinangakong Banal na Espiritu.

¹⁴ Ito ang unang natanggap sa ating pamana
tungo sa katubusan ng sariling bayan ng Diyos
upang purihin ang dakilang karangalan niya.

Kristo, na siyang Karunungan ng Diyos, ipinakikita sa atin ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay ang pag-ibig ng Ama na siyang tumawag sa atin (5).

Kay Kristo natin nakakamtan ang katubusang pinatibay sa dugo niya (7). Hindi pinadanak ni Kristo ang kanyang dugo upang makipag-areglo sa kanyang Ama na pinagkasalahan, na wari ba'y sumama ang loob niya, tulad nang malimit mangyari sa atin, at wari ba'y nalapastangan ang kanyang dangal. Tinutukoy ni Pablo ang isang batas sa biblia: pinipirmahan noon ng dugo ang pagpapalaya sa mga alipin (Ex 21:6).

Sa gayunding paraan, sa pagpapalaya sa isang taong hindi namumuhay sa katotohanan, kailangang magpakita tayo ng tunay na pagmamahal, at kalimita'y pinagbabayaran din natin nang mahal. Para tubusin tayo, ipakikita ng tatlong Persona ng Diyos ang laki ng pagmamahal ng Diyos (b. 6 at 8), bawat isa'y sa naiibang paraan. Una, isusuko ng Anak ng Diyos ang kanyang buhay sa ama, sa pagsasakripisyo ng sarili para sa kanyang mga kapatid. At saka ibibigay ang Espiritu ng kabanalan.

Tinatakan ng Espiritu (13). Hineruhan, “tinatakan” sa laman ang mga Judio sa ritwal ng pagtutuli, na nagpapakilalang sila ay sa Diyos. Nakatanggap naman ang mga Kristiyano ng Espiritu Santo na kumikilos sa kanila: sa Espiritu galing ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ang maraming uri ng paglilingkod, ang kaloob na kaalaman, mga milagro at pagpapagaling. Ang mga kaloob na ito ang pinakamalinaw na katibayan na naging mga anak na nga sila ng Diyos. *Ito ang unang natanggap sa ating pamana* – ang lahat ng kababalaghang inilalaan ng Diyos para sa atin ang mga kaloob na ito.

Ipinahahayag ni Pablo ang dalawang magkaibang bagay sa kanyang pagkaunawa: ang plano ng Diyos sa kawalang-hanggan (b. 1-10) at ang kaganapan nito sa panahon (b. 11-14). May kaukulan sa dalawang yugto ng Sagradong kasaysayan ang dalawang huling mga taludtod:

– *Hinirang kaming umasa sa Mesiyas* (11). Nagsasalita si Pablo para sa kanyang sarili at sa ngalan ng bansang Judio na hinirang na maging bayan ng Diyos.

– *Narinig din ninyo...* (13). Tinutukoy ni Pablo rito ang mga bansang pagano tulad ng mga taga-Efeso, na kanyang kinakausap. Kaya, dumating na ang kaganapan ng panahon, na ibig sabih'y, ang panahon ng

pag-eebanghelyo sa buong mundo upang matanggap ng lahat ang mga kaloob ng Espiritu.

Nililinaw ng pahinang ito ang ilang mahahalagang paksa tungkol sa pananampalataya.

Mula sa kawalang-hanggan niya tayo itinadhana (5). *Angkop dito ang katagang predestinasyon. Ibang-iba ang pagkaintindi ng marami sa salitang ito – lalung-lalo ng mga Protestante – kaysa paggamit ni Pablo nito. Naglalahad si Pablo ng plano ng Ama na nananabik magpakita sa lahat ng kanyang nilalang ng kanyang walang hanggang pag-ibig na ibinabahagi na niya sa Anak at sa Espiritu. Ang mga taong ito nama'y nag-iisip lamang ng isang istrikto at indiperenteng Diyos na nagpapasiya nang basta na lamang, o sa kapritso, na maliligtas ang ilan at ang iba nama'y hindi. Sa akala nila, may mga taong nakatadhana nang mapapunta sa impiyerno at hindi na makakaiwas sa kanilang kapalaran; ang iba nama'y pinili para sa langit at maliligtas.*

Ngunit wala sa isip ni Pablo ang ganitong walang-batayang pagpapasiya: sa halip, ipinakikita niya kung paano nagkaloob ang Diyos ng natatanging pagmamahal sa mga tinatawag niya na mapakay-Kristo.

Wala halos sinasabi ang Biblia tungkol sa pag-ibig ng Diyos para sa mga di-mananampalataya, ngunit dapat nating unawain ito sa liwanag ng pag-ibig na ipinagkaloob niya sa atin, sa pagpili niya sa atin na makilala si Kristo sa kanyang Iglesya.

Samantalang ikinasira ng loob ni Luther ang katarungan ng Maykapal, at pinagdudahan ang kanyang sariling kaligtasan, inaanyayahan naman tayo ni Pablo na makita sa sakripisyo ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos. Hindi ang pag-ibig na nagsasangalang sa ilang makasalanan, kundi ang malinaw na pagpapakita ng pag-ibig ng isang Ama na siyang lumikha, at siya ring tumawag sa atin.

Hindi natin mauunawaan nang lubos kung paano pagtatamain ang ganap na pagkaalam sa Diyos at ang ating sariling kalayaan. Pero hindi naman natin dapat isaalang-alang ang mga alinlangan at pagkabalisa ng mga naniniwalang sila'y sumasailalim ng kapalaran o “kalooban ng Diyos” na di matatakas ninuman. Natatabunan tayo ng pagmamahal at mga pagpapalang naghihintay lamang ng ating tugon. Ang predestinasyon ay walang iba kundi itong misteryosong plano ng kagandahang-

Ipinailalim ng Diyos ang lahat sa mga paa ni Kristo

• ¹⁵Nabalitaan ko rin naman ang inyong pananampalataya at ang inyong pagmamahal sa lahat ng banal. ¹⁶Kaya walang tigil akong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo, at inaalaala ko kayo sa aking mga panalangin. ¹⁷Bigyan nawa kayo ng Diyos na Ama ni Jesucristong Panginoon ng karunungan at pagkatuklas na bunga ng Espiritu upang lubusan ninyo siyang makilala.

¹⁸Liwanagan nawa niya ang inyong mga kalooban upang malaman ninyo kung ano ang aasahan ninyo sa pagkawatag niya sa inyo, kung ano ang kayamanan ng maluwalhati niyang pamana sa

mga banal, ¹⁹at kung ano ang sobra-sobra niyang lakas alang-alang sa atin na naniniwala.

²⁰Ganoon nga ang lakas ng kanyang kapangyarihan, na muling bumuhay kay Kristo at *nagluklok sa kanyang kanan sa langit*, ²¹sa ibabaw ng lahat ng Pamunuan, Kapangyarihan, Lakas, Kapanginoonan at ng anumang may-pangalan at kinikilala hindi lamang sa mundong ito kundi pati na sa darating: ²²*ipinailalim ng Diyos ang lahat sa kanyang paanan*.

At inilagay naman siya sa itaas ng lahat bilang ulo ng Iglesya. ²³Ang Iglesya nga ang katawan niya, at sa Iglesya natatagpuan ang kabuuan niya na siyang lubusang pumupuno sa lahat.

loob ng Diyos, na ibinuhos sa buong sangnilikha, na nakakatulad at naaayon sa magkakabahaging-buhay ng tatlong persona ng Diyos: kaisa-isang Diyos at kaisa-isang pag-ibig (tingnan ang komentaryo sa Rom 3).

Hinirang tayo kay Kristo (4). Pinabubulaanan ng mga salitang ito ang maling akala ng iba na nilikha ng Diyos ang tao sa simula, nang hindi naisip na ito'y maaaring madapa, at dahil lamang sa kasalananan kaya sinugo ng Diyos si Kristo para iligtas ang napahamak na makasalanan.

Hindi totoo iyon: nasa plano na ng Diyos si Kristo sa simula pa. Sa simula pa'y may plano na para sa sangnilikha, sa pagdating ni Kristo at sa pagkaloob ng Espiritu. Kayat sa misteryosong paraan, may kaugnayan ang kaayusan ng sangnilikha, ang mga batas ng buhay at ang takbo ng kasaysayan sa kaayusang umiiral sa Diyos mismo.

Si Kristo... ang Minamahal (6). *Hindi maaaring maging batayan ng ating pananampalataya ang alalahaning "iligtas ang ating sarili". Makasariling saloobin ito tulad ng sa mga tumutupad sa relihiyon para maging malusog. Sa katunayan, hindi kasangkapan lamang si Kristo para tayo'y maligtas. Hindi pumarito si Kristo para lamang tayo iligtas sa kasalanan, kundi una sa lahat ay upang ipakita ang luwalhati ng Ama. At ito na nga ang dahilan kung bakit siya sumuong sa kamatayan. Ibinabalik niya sa Ama ang lahat ng kanyang tinatanggap mula sa Ama: bakit siya naparito sa kanyang pagkawatawang-tao kung hindi upang masaid, at sumuko sa mga kamay ng Ama hanggang ibalik ng Ama sa kanya ang lahat?*

• 15. *Nabalitaan ko rin ang inyong pananampalataya.* Nalulugod si Pablo sa pananampalataya ng mga taga-Efeso, ngunit, higit sa lahat, ipinanalangin niya na magkaroon sila ng pag-asa. Ito

ang dapat na maging bukal ng kanilang sigla. Inilalarawan niya ang mga yugto ng pag-asa nang ganito: ang makilala ang Ama; ang pasasalamat sa pamanang inilaan para sa kanyang mga santo; ang pag-unawa sa kapangyarihan ng Diyos na dalhin tayo sa katuparan ng mga pag-asang ito.

Ngayon, dalawampung dantaon matapos sumulat si Pablo, nadidiskubre natin kung gaano kabunga ang pag-asang ito, na hindi pinalilimot sa atin ang mundo, kundi hinihikayat tayong baguhin ito. Nabuhay si Pablo sa isang daigdig na nagtuturing sa pag-asa na isang karamdaman. Ipinalalagay na walang-kabuluhan ang alinmang plano na baguhin ang sangkatauhan. Noong panahong iyon, pinaparalisa ng takot sa kamatayan at paniniwala sa guhit ng kapalaran ang lahat ng pagsisikap. Ngunit naranasan ng mga mananampalataya ang lakas ni Kristong muling nabuhay sa kanilang sariling buhay, kaya sila'y tumugon. Sa mga bansang Kristiyano, lumitaw ang matibay na paniniwalang sa paghahangad sa katarungan, sa paglupig sa sektaryanismo, sa pagpapaunlad ng kalinangan, inilalapit na natin ang "mundo" sa kapupunan ni Kristo.

Sa ibabaw ng lahat ng Pamunuan (21). Nang panahon ni Pablo, naniwala ang mga Judio at Kristiyano na ang mga anghel at demonyo ay mga kapangyarihang di-sakop ng kalikasan na naghahari sa mundo. Tinawag nila ang mga itong: *Lakas, Kapanginoonan, Kapangyarihan at Pamunuan*, at sinasabi ni Pablo sa kanila na mas mababa kay Kristo ang lahat ng kapangyarihang ito. Sa ating panahon, iba naman ang ating mga kuru-kuro. Gayunpaman, nakikita natin na ang sanlibutan ay sumasailalim ng mga batas ng kalikasan, mga puwersa ng mga bagay at ng buhay, pati na mga puwersang di nakikita: mga masamang opinyon ng mga grupo, bisyo, at panatisismo. Naghari ang mga ito at pumigil sa pag-unlad ng sangkatauhan, hanggang sa pagdating ni Kristo: tingnan Gal 3:23.

Ipinailalim ng Diyos ang lahat sa paanan ni Kristo

Naligtas kayo nang walang bayad

2 • ¹Mga patay kayo noong una dahil sa inyong mga pagkadapa at mga kasalanan. ²Ang mga ito ang inyong tinahak noon; sumang-ayon kayo sa takbo ng daigdig na ito, at sinunod ang Pinuno ng daigdig ng mga espiritu; ito ang espiritong kumikilos sa mga taong suwail.

³Tinahak din nating lahat noon ang mga ito. Sumunod tayo sa mga pagnanasa ng laman at isinagawa ang mga kagustuhan ng laman at ng sariling isip; at tayo nga'y naging mga taong marapat kapootan ng Diyos gaya ng iba.

⁴Ngunit mayaman sa awa ang Diyos at malaki ang kanyang pag-ibig sa atin. ⁵Kaya bagamat patay tayo dahil sa ating mga kasalanan, binuhay niya tayong kaisa ni Kristo: naligtas kayo nang walang bayad! ⁶Ibinangon tayong kaisa ni Kristo Jesus at iniluklok na kasama niya sa kalangitan ⁷upang maipahayag sa sunod na panahon ang napakayamang

kagandahang-loob niya dahil sa kabutihang-loob niya sa atin kay Jesucristo.

⁸Naligtas nga kayong walang bayad sa pamamagitan ng pananampalataya. ⁹Kaloob ito ng Diyos at hindi galing sa inyo; hindi ito bunga ng inyong mga gawa upang walang makapagmapuri. ¹⁰Gawa nga niya tayo na nilalang niya kay Kristo Jesus para sa mga mabuting gawa na itinakda na ng Diyos para gawin natin.

Si Kristo ang ating kapayapaan

• ¹¹Kaya alalahanin ninyo na mga pagano kayo noon; nalantad ito sa inyong laman at tinawag kayong supot ng mga tinatawag na tuli, na sa laman lamang tinuli ng tao. ¹²Wala kayong Kristo noon, at di kasali sa pamayanan ng Israel at di sakop ng pinagtipanang mga pangako; wala rin kayong pag-asa at walang Diyos sa mundo. ¹³Ngunit ngayo'y na kay Kristo na kayo at sa dugo ni Kristo'y nalapit kayo na dating malayo.

(22). Magkapareho ang kahulugan nito at ng mga salita ng ating Sumasampalataya: "naluklok si Jesus sa kanan ng ama." Ibig sabihin'y sa kanyang muling pagkabuhay, si Kristo, ang Diyos na Tao, ang naging Una sa sanlibutan. Nasa paanan niya ang lahat ng bagay maliban sa sangkatauhan.

Dagdag ni Pablo: *Ginawa niya siyang ulo ng Iglesya*. Iba ang pagkilos ni Kristo sa dalawang lugar: sa mundo, kung saan siya ang sentrong namamahala na di nakikita; sa Iglesya, kung saan siya ang ulo, at mapapagpakitaan siya ng kayamanan ng kanyang Espiritu.

2.1 Sa kamatayan humahantong ang daan ng taong walang Kristo.

Naging mga tao tayong marapat kapootan ng Diyos (3). Ito ang pinagsisimulan ng ating buhay, ang tinatawag nating kasalanang orihinal. Sa kanyang sarili, hindi maaabot ng tao ang Diyos, ni magiging marapat sa kanyang kabutihang-loob. Sa katunayan, lahat tayo'y rebelde, mga taong di sumusunod at dikasundo ang kapwa. Kaya ipinahihiwatig ng pagkamatay ng ating katawan, ng katapusan ng ating buhay, ang tunay nating kalagayan: patay tayo kapag wala ang pag-ibig ni Kristo.

Kaisa tayong ibinangon (6). Sa katunayan, isang pagdanas ng muling pagkabuhay ang tunay na pagbabalik-loob sa Diyos. May sinasabi pa si Pablo: samantalang marami ang naniniwalang ang kanilang buhay ay sumasailalim ng guhit ng kapalaran, tayo

nama'y kinakailangang maniwala nang walang kaduda-duda sa pagsasakatuparan ng maawaing plano ng Diyos. Di saklaw ng panahon ang planong ito at binuhay na muli tayong kasama ni Kristo. Nakaluklok tayong kasama niya sa langit, na ibig sabihin'y, tiyak na ang ating tagumpay.

• 11. Bago si Kristo, hati ang sangkatauhan at di kilala ng tao ang ating iisang Ama. Sapagkat wala pa silang sapat na gulang para sa madaliang pagkakaisa sa tunay na pananampalataya, isinaalang-alang iyon ng Diyos nang simulan niyang ihanda ang pagdating ni Kristo. Humirang siya ng isang bayan, at para hindi sila mahawahan ng mga kamalian ng mga pagano, kinailangan niyang ibukod sila sa pamamagitan ng isang batas na nagbabawal na makisalamuha sila sa iba pang mga bansa. Kailangang maghugas ng kamay ang mga Judio kapag humawak sila sa nahawakan na ng pagano. Sa Templo, *malayo* sa Santuwaryo, may patyo na bukas para sa mga pagano, at may isa pa, na *malapit* sa Santuwaryo, na nakalaan para sa mga Judio, at may *pader* sa pagitan ng mga ito. Dumating ang panahon na ang naghahating linyang ito ay naging tanda ng lahat ng mga hadlang na wawasakin ni Kristo.

Tinuruan niya silang makipamuhay sa mga di Judio, na bawal hanggang sa panahong iyon. Si Kristo, na ipinako sa Krus ng Judio at pagano, ay nangibabaw sa muhi ng lahat sa pamamagitan ng isang mapagpatawad na pag-ibig, at pagkabuhay niyang muli, pinisan niya sa kanyang sarili ang lahat ng tao.

¹⁴Siya ang ating kapayapaan; pinag-isa niya ang dalawang bayan sa pagkagiba ng pader ng pagkakahati: ito nga ang pagkamuhi. ¹⁵Pinawalang-bisa niya sa sariling laman ang Batas na mga kautusan at tuntunin, at nilikhang iisa lamang at bagong Tao sa kanyang sarili ang dalawang bayan. ¹⁶Ipinagkasundo niya sa Diyos ang dalawa na naging isang katawan nang ang pagkamuhi ay patayin niya sa kanyang katawan sa krus.

¹⁷Dumating siyang *ipinahahayag ang kapayapaan sa inyo na malayo at ang kapayapaan din sa mga malapit*. ¹⁸Sa pamamagitan niya, kapwa tayo may karapatang pumunta sa Ama sa iisang Espiritu.

¹⁹Ngayon nga ay hindi na kayo mga dayuhan at panauhin, kundi mga kababayan ng mga banal at kasambahay ng Diyos. ²⁰Sa pundasyon na mga apostol at mga propeta kayo naitayo at si Kristo Jesus mismo ang batong panulok. ²¹Sa

kanya lumalawak at nabubuo ang buong gusali at nagiging banal na templo sa Panginoon. ²²Sa kanya rin kayo samasamang ginagawang tahanan ng Diyos sa Espiritu.

Para sa lahat ang pamana ng Diyos

3 • ¹Kaya ito ang sinasabi ko, akong si Pablo na bilanggo ni Kristo Jesus alang-alang sa inyo na nasa mga pagangong bayan.

²Narinig na siguro ninyo ang tungkol sa kinalabasan ng misyong ibinigay sa akin ng Diyos alang-alang sa inyo. ³Ipinalam nga niya sa akin sa pagbubunyag ang mahiwagang balak na isinulat ko sa iilang salita lamang. ⁴Sa pagbasa ninyo nito, malalaman ninyo ang pagkaunawa ko sa hiwaga ni Kristo.

⁵Hindi pa ito ipinahahayag sa mga tao sa lumipas na panahon, kundi sa espiritu ito ibinunyag ngayon sa banal niyang mga apostol at mga propeta. ⁶Kay Kristo

Kaya, tulad ng krus na yari sa dalawang bahagi, isang pataas, papunta sa langit, at ang isa nama'y pahalang, papunta sa lupa, papunta rin sa dalawang direksiyon ang kapayapaan: papunta sa Diyos, at papunta sa kapwa. *Pinag-isa niya ang dalawang bansa...* at kapwa pinapanumbalik sa Diyos. Dalawang mukha ito ng iisang bagay, sapagkat ang karahasan ng tao ang isa pang mukha ng di pakikipagtagpo sa Diyos.

Pinag-isa sila ni Kristo: ibig sabih'y, sa gusto natin at sa hindi, wawasakin ng Ebanghelyo ang lahat ng pinagkakadiperensiyahan ng mga tao. At gaano man kalubha ang pagkakabukod-bukod na lilitaw sa ating lipunan, babagsak ang ating mga batas at institusyon. Maaaring karahasan ang maging dahilan, ngunit mas malamang, ang pagkawala ng kanilang kredibilidad sa pagpatay nila sa marami.

Sa iisang Espiritu. Ang Espiritu lamang ang nagbibigay-kakayahan sa bawat tao na magkaroon ng kaganapan sa pakikiisa sa kanyang kapwa. Kalimitan, ang pagkakaisa sa lipunan ay nangangahulugang iisang partido, o iisang samahan, na iisa ang ideolohiya. Subalit sinasakal ng pilit na kaayusang ito ang pagkatao ng mga sumusuko dito pati ang mga nagbusal ng bibig ng kanilang mga kalaban.

Hindi ang pagkakaparepareho ang kaisahan ng Iglesya; hindi galing sa iisang hulmahan ang mga mananampalataya. Hindi natin kailangang maging kabilang sa iisang partido, relihiyon, o samahan; maaaring magkakaiba ang mga pagmimiyembro at opinyon, bastat disidido tayong sama-samang mag-

hanap sa katotohanan at kapayapaang pangkapatiran. Binibigyang-kakayahan ng Espiritu ang bawat tao na maging tapat sa kanyang sarili at magpatuloy "sa pakikiisa" sa sambayanan. Ganito isinisilang ang "bagong nilalang"; hindi gawa ng pulitika o anumang ideolohiya, kundi gawa ng Diyos, sapagkat ang hinihintay natin ay bagong paglikha gaya ng sinasabi ni Pablo.

Kasambahay kayo ng Diyos. Mula doon, pumupunta si Pablo sa isa pang larawan: kayo ang tahanan, ibig sabih'y ang tunay na templo ng Diyos. Ang komunidad ng mga mananampalataya ang bumubuo sa templo, o mas tama, ang binagong-anyo upang maging templo ng Diyos.

Matalik ang pagkabuklod ng mga Kristiyano ng unang dantaon sa kanilang komunidad at nanganib silang papamulubuhin ng kanilang samahan. Baligtad naman ngayon; mas pinagkakaabalahan ng maraming Kristiyano ang pakikiisa sa kanilang kultura na nais nilang paunlarin at papanatilihin: magagawa lamang nila ito kung may Kristiyanong komunidad na magtataguyod sa kanila: hindi maaaring palitan ng pakikiisa sa sariling kultura ang pakikiisa sa Kristiyanong komunidad.

• **3.1** *Ang bilanggo ni Kristo.* Sa bilangguan sa Roma ginawa ni Pablo ang sulat na ito. Hindi lamang siya preso "dahil kay Kristo", kundi preso rin ni Kristo: Wala siyang magawang kahit na ano bukod sa ipakilala si Kristo (1 Cor 3:16). Bukod dito, sa piitan, nagdusa

Jesus, ang mga paganong bayan ay nagiging kapwa-tagapagmana at kaisang-katawan at kabahagi sa pangako.

⁷ At ako ang pinagkalooban ng Diyos na maging lingkod ng Ebanghelyong ito na buong-lakas na nagkakabisa sa akin.

⁸ Akong pinakamaliit sa lahat ng banal ang pinagkalooban ng biyayang ito na ipangaral sa mga paganong bayan ang dimasukat na yaman ni Kristo. ⁹ Dapat kong ipaliwanag sa lahat kung paano nais-asakatuparan ang mahiwagang balak na mula pa sa simula'y natatago sa loob ng Diyos na lumalang sa lahat.

¹⁰ Nakikita naman ngayon sa Iglesya at nahahayag sa mga Pamunuan at Kapangyarihan sa kalangitan ang iba't ibang karunungan ng Diyos ¹¹ – ang pagsulong ng kasaysayan na itinakda niya kay Kristo Jesus na ating Panginoon. ¹² Sa kanya may lakas tayo ng loob na lumapit sa Diyos nang may tiwala sa pamamagitan ng pananampalataya.

¹³ Kaya hinihingi kong huwag kayong masiraan ng loob sa mga pagsubok na

dinaranas ko alang-alang sa inyo; ang mga ito ang inyong karangalan.

• ¹⁴ Dahil dito lumuluhod ako sa harap ng Ama ¹⁵ na siyang pinanggagalingan ng bawat pagtawag sa sinumang ama sa langit o sa lupa.

¹⁶ Ipagkaloob nawa niya sa inyo, ayon sa yaman ng kanyang kaluwalhatian ang lakas ng inyong kalooban sa pamamagitan ng kanyang Espiritu.

¹⁷ Manahan nawa si Kristo sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang pag-ibig naman ang maging ugat at saligan ng inyong buhay.

¹⁸ Malaman nawa ninyo kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang, ang haba, ang taas at lalim – sa maikling salita: ¹⁹ malaman nawa ninyo ang pagmamahal ni Kristo na higit pa sa lahat ng kaalaman, upang mapuno kayo papunta sa kapunuan ng Diyos.

²⁰ Sa Diyos na makagagawa ng higit pa sa ating mahihingi at maiisip, ²¹ sumakanya nawa ang kaluwalhatian sa pama-

si Pablo tulad ni Kristo (tingnan ang Col 1:24). Kaya masasabi niya na ang kanyang paghihirap ay “kaluwalhatian”.

Binibigyang-diin ni Pablo ang pinagnilayan niya sa piitan, ang waring pinakabago sa gawa ni Kristo: Ang “misteryo”, o ang plano ng Diyos na tumatawag sa lahat ng tao upang maging iisang katawan, nang walang pagkiling sa alinmang lahi. Ipinahayag ni Jesus ang pagkakapantay-pantay na ito (Mt 20), subalit kinailangan ng mga Kristiyano ng unang panahon ang maraming pakikialam ng Diyos bago sila nakumbinsi (Gawa 10).

Ang mga kapangyarihan sa kalangitan (10): tingnan ang komentaryo sa Gal 3:25 at Ef 1:21. Hindi natin binabaligtad ang kuru-kuro ni Pablo sa pagsasabing madidiskubre ng mga direktor ng mga korporasyong multinasyonal, mga presidente at mga dakila sa mundo, ang tunay na mukha ng Diyos, na nagpapakita ng kanyang kaluwalhatian sa kanyang mga dukha at mga santo (2 Tes 1:10), sa pamamagitan ng Iglesya.

• ¹⁴. *Dahil dito lumuluhod ako...* walang kuskubalungos na bumabaling si Pablo mula sa kanyang pagpapahayag patungo sa pananalangin. Ganito ang asal ng *panloob na sarili* (16) na di nasisiyahan sa pag-iisip o pagsasalita tungkol sa Diyos na wari'y ang Diyos ay isang bagay. Pinapapanatili sa kanya ng Espiritu

ang kamalayan ng Presensyang ito na nagbibigay-buhay sa kanya. Sabi nga ni Sta. Teresa: “Dala ko kahit saan ang puso ng aking Diyos at ang Diyos ng aking puso.”

Ang Ama na siyang tinutukoy... (15). Huwag nating kaligtaan na ang Ama ang pinanggagalingan ng Pag-iral ng Diyos at sa kanya matatagpuan ang kaayusan at misteryo ng mga Persona ng Diyos. Ang Ama rin ang pinanggagalingan ng lahat ng umiiral, at ang pagkaama ay pangunahing batayan ng lahat ng kaayusan, maging sa sangnilikha man o sa Iglesya.

Kaya ang pamilya, kasama ang awtoridad ng magulang, ang siyang saligan ng lipunan, at ang *pagkaama* ay makikita rin sa Iglesya: ang paghahalili ng mga obispo, sa awtoridad ng hirarkiya at di batay sa boto ng tao, ay bahagi ng pan-Diyos na kaayusan sa Iglesya. Ang lipunang di kumikilala sa mga ama at humahamak sa kasal, pati na ang mga simbahang “basta na lamang lumitaw”, ay mapanlinlang na mga kaayusan.

Na higit pa sa lahat ng kaalaman (19). Nakikipagkaisa ang mga tao sa Diyos hindi sa pamamagitan ng lakas ng isip o transcendental meditation, kundi sa tunay na pag-ibig na nanggagaling sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (1 Jn 4:10).

• **4.1** Masiglang tinutukoy ni Pablo ang lahat ng pare-parehong nasa atin sa pamamagitan ni Kristo at ng pagkilos ng Espiritu Santo. Ang ibayong

magitan ng Iglesia at ni Kristo Jesus sa lahat ng salinlahi magpakailanman. Amen.

Mararating natin ang Ganap na Tao

4 • ¹Hinihingi ko sa inyo, ako na bilanggo alang-alang sa Panginoon, na kumilos kayo nang nararapat sa pagtawag sa inyo. ²Makita nawang lagi sa inyo ang kababaang-loob, kaamuan at malawak na pang-unawa.

Pagtiisan ninyo ang isa't isa sa pag-ibig ³at sikaping panatiliin ang pagkakaisa ng Espiritu sa buklod ng kapayapaan: ⁴iisang katawan at iisang espiritu dahil sa pagkatawag sa inyo; tinawag kayo sa iisang pag-asa. ⁵Iisang Panginoon, iisang pananampalataya, iisang binyag; ⁶iisang Diyos at Ama ng lahat, na nakapangyayari sa lahat at gumagawa sa lahat, at nasa lahat.

⁷Binigyan naman tayo ng mga kaloob ayon sa gustong ibigay ni Kristo sa bawat isa sa atin. ⁸Kaya sinasabi ng Kasulatan: *Pag-akyat niya sa itaas, dinala niya ang mga bihag, nagbigay siya ng mga kaloob sa mga tao.*

⁹Bakit sinabing umakyat siya? Dahil bumaba muna siya sa dakong nasa ilalim ng lupa. ¹⁰Siya mismong bumaba ang

siya ring umakyat sa ibabaw ng kalangitan upang punuin ang lahat.

¹¹Ginawa niyang mga apostol ang ilan, at mga propeta ang iba, at mga ebanghelista ang iba pa, o tagapamahala o mga tagapagturo. ¹²Ganoon nga hinuhubog ang mga banal para sa paglilingkod at pagtatayo ng katawan ni Kristo, ¹³hanggang marating nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at ng pagkakilala sa Anak ng Diyos, at marating ang Ganap na Tao, na ang nasa kaganapan nito ay ang kapuspusan ni Kristo.

¹⁴Kung magkagayon, hindi na tayo parang mga batang inaanod ng alon at tinatangay ng hangin ng mga aral ng mga tuso sa kanilang pandaraya tungo sa kamalian. ¹⁵Sa halip, sa pamumuhay natin sa katotohanan, uunlad tayo sa pag-ibig palapit sa Kanya na siyang ulo, si Kristo. ¹⁶Pinag-iisa niya't pinagtitibay ang buong katawan sa pamamagitan ng isang lambat ng mga nerbyo at pagkakahugpong, at ginagawa ng bawat bahagi ang sariling gawain nito upang lumaki ang katawan at maitayo ang sarili sa pag-ibig.

Isuot ang Bagong Tao

• ¹⁷Ito nga ang aking sinasabi at iginigiit sa inyo sa ngalan ng Panginoon:

pagkakapare-parehong ito ay isang pagtawag sa pagkakaisa, pag-ibig, at kapayapaan. Meron pa: kahit mga natatanging kaloob ay kailangan ding ilaan sa paglilingkod sa sambayanan, katulad ng mga graba o hollow block sa isang gusali. At hindi lamang basta-basta gusali o simbahan ang itinatayo (tingnan ang kab. 2:19-22), kundi ang *Katawan ni Kristo* o ang *Ganap na Tao*, na binuo ng milyun-milyong miyembro na bumubuo sa sangkatauhan sa ngayon at sa hinaharap. Balang araw, pag nagkaisa na ang lahat, bubuuin natin ang "Perpektong Tao" na ito na may di-mabilang na miyembro.

Minsan lamang nabuhay si Jesus ng Nazaret, na aba hanggang sa kanyang kamatayan, subalit sa pagtatalaga sa kanya bilang Ulo ng sangkatauhan, naghihirap pa siya kahit paano sa lahat ng dako: nagtatrabaho siya sa lahat ng posibleng paraan; tinitipon niya sa kanyang sarili ang lahat ng uri ng pag-ibig, at isinasabuhay niya ang panlahat na pagkakaiba-iba ng buhay ng tao sa katauhan ng kanyang mga miyembro.

At hindi na tayo parang bata. Ipinahihiwatig ni Pablo na mga batang musmos pa ang mga taga-Efeso, kahit paminsan-minsan, kapag nagpapadala sila sa ilang mga kuru-kuro. Hinihikayat niya silang maging isang komunidad na husto sa gulang, na may kakayahang paakay sa katotohanan, at palaguin ang sarili sa pamamagitan ng pag-ibig. Dapat din nating isipin kung gaano na tayo kalayo sa edad na kinailangan natin ang walang tigil na pagpilit at pag-akyat ng iba; kung espirituwal ang pag-uusapan, ang mga nasa hustong gulang ay ang mga may malay sa kanilang mga responsabilidad-Kristiyano sapagkat talagang kilala nila ang Anak ng Diyos.

• 17. Ang *Bagong Tao* at ang *Lumang Tao*. Sa paglalarawang ito ni Pablo, pinaghahambing ang dalawang klase ng pamumuhay; parehong umiiral ang mga ito sa kasalukuyang lipunan pati na sa bawat isa sa atin kahit bahagya. Sa isang dako, maaaring madala tayo ng kasakiman sa antas na bubusalan na natin ang ating konsiyensya at sukdulang patitigasin ang ating

huwag na ninyong tularan ang gawi ng mga paganong may isip na walang-kabuluhan. ¹⁸Nadidiliman nga ang kanilang isipan; sa kamangmangan sila nananatili at matigas din ang kanilang pusong malayo sa buhay na galing sa Diyos. ¹⁹Wala silang pagpapahalaga sa kabutihan kaya nagugumon sila sa bisyo at sabik na sabik sa paggagawa ng iba't ibang kahalayan.

²⁰Hindi ganito ang natutuhan ninyo kay Kristo, ²¹kung sa katotohanan nga lamang ninyo siya narinig at natutuhan.

²²Dapat ninyong iwan ang pagkatao ng dati ninyong pamumuhay; ito ang Lumang Tao na nabulok dahil sa kanyang mga madayang pagnanasa. ²³Baguhin din ninyo ang inyong kalooban sa espiritu ²⁴at isuot ang Bagong Tao na nilalang sa larawan ng Diyos, sa pagkamatuwid at tunay na kabanalan.

²⁵Kaya iwan ninyo ang kasinungalingan; mga bahagi natin ang isa't isa, kayat *magsabi ng totoo ang bawat isa sa kanyang kapwa*. ²⁶*Kung magalit man kayo, huwag kayong magkasala; huwag*

puso; sa kabilang dako naman, nais tayong ibahing-anyo at baguhin ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. Lahat tayo'y nahihilig maging isa sa dalawang sariling ito: ang luma, sira, walang pag-asa, at alipin ng pagkamakasari; o ang sariling binagong-anyo ng pag-ibig.

Na nilalang ayon sa Diyos sa kanyang larawan. Nilikha ng Diyos ang tao sa larawan niya, bagamat ang taong talagang kalarawan niya ay si Kristong nabuhay na muli, ang nagwagi sa kasalanan at kamatayan. Siya ang kauna-unahan ng isang bagong lahi. Kapag iwinawaksi natin ang kasalananang nagpapapangit sa atin, kapag sumusunod tayo kay Kristo at namumuhay sa kanyang Espiritu, nakikibahagi rin tayo sa buhay ng Bagong Nilalang na ito (tingnan din ang 2:15).

Ang puting damit na isinusuot sa taong nasa hustong gulang sa binyag ay nangangahulugan ng pagbabago ng buhay na kanyang isinagawa. Ang pagbabagong ito ay maaari ring mangyari sa pagtatapos ng isang retreat o seminar, kapag iwinawaksi ng mananampalataya ang kanyang iresponsable at kalakarang pamumuhay "upang isuot si Kristo" sa pamamagitan ng mas tunay at masiglang buhay-Kristiyano. Ang pagbabagong ito ay maaari ring maging matagal na paraan, araw-araw.

Lumang Tao, bagong tao ay nauukol din sa iba pang pananalita ni San Pablo: ang mabuhay ayon sa laman, o sa Espiritu (Rom 8:5); ang maging anak ng kadi-

palubugin ang araw sa inyong galit, ²⁷at baka makapasok ang diyablo.

²⁸Huwag nang magnakaw ang mag-nanakaw; magtrabaho siya sa kanyang mga kamay at magpakahirap upang makatulong sa nangangailangan.

²⁹Huwag mamutawi sa inyong mga labi ang anumang maruming pangungusap, kundi ang tama at napapanahon upang pasiglahin ang iba at makabuti sa nakaririnig.

³⁰Huwag ninyong bigyang-kalungkutan ang Espiritu Santo ng Diyos; sa kanya kayo tinatakan... tungo sa araw ng katubusan. ³¹Iwan ninyo lahat ng kabuktutan: sama ng loob, galit, poot, pambubulyaw at paglait. ³²Magpakabait kayo, at magkaroon ng malasakit, at magpatawad sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Kristo.

Tularan ang Diyos

5 • ¹Bilang mga minamahal na anak, tularan ninyo ang Diyos ²at mamuhay sa pag-ibig gaya ng pagmamahal sa inyo ni Kristo. Alang-alang sa atin, inialay

liman, o ng liwanag (Ef 5:8); ang maging alipin ng kasalanan, o maging malaya kay Kristo (Gal 5:1). *Ito ang dalawang mapagpipilian sa buhay; ang paglipat mula sa isa patungo sa kabila ang siyang pagiging Kristiyano. Ang paggawa nito ay palaging pagkamatay at pagkabuhay kasama ni Kristo, sa espirituwal na paraan (Col 3:1); ang mamatay sa kasamaan, ang mabuhay sa kabutihan. Kaya ang lahat ng kahilingang pangmoralidad ni Pablo at ang mga alituntuning pangmoralidad ng Iglesia ngayon ay hindi mga alituntunin ng kagandahang-asal lamang, kundi ang natural at di-maiiwasang resulta ng Kristiyanong pagpili.*

Huwag bigyang-kalungkutan ang Espiritu Santo. Madali itong mauunawaan kung isasaisip natin ang kalungkutang ating nadarama tuwing magpapahindi tayo sa isang mabuting ideya, isang bugso ng damdamin na umasal nang mas mabuti bunga ng pagkilos sa atin ng Espiritu Santo, o kapag napahamak ang isang kaibigan o anak dahil hindi nakinig sa ating payo.

• **5.1** *Ito ang ilang mga saligan ng isang bagong paraan ng pamumuhay, na naipakita na sa mga naunang bersikulo.*

Ang tularan ang Diyos (Rom 5:6-11) na nagmamahal sa lahat ng tao, mabuti man o masama (Mt 5:48). Sa mas nadaramang paraan, may modelo tayo kay

niya ang kanyang sarili bilang handog at mahalimuyak na hain sa Diyos.

³Huwag mabanggit sa inyo ang pam-bababae, ang kahalayan, ang kasakiman at iba pa, tulad ng nararapat sa mga banal. ⁴Ganito rin para sa anumang naka-hihiya, mga salitang walang saysay at sobrang pagbibiruan. Sa halip magpasalamat kayo.

⁵Alalahanin nga ninyo na hindi magmamana sa kaharian ni Kristo at ng Diyos ang nambababae o mahalay, o sakim na siya ngang sumasamba sa diyus-diyusan.

⁶Huwag kayong padaya sa mga walang saysay na pangungusap, sapagkat ang mga ito ang naghahatid sa galit ng Diyos sa mga suwail. ⁷Kaya huwag kayong makisama sa kanila.

⁸Dati nga kayong karimlan, ngunit liwanag kayo ngayon sa Panginoon; kumilos kayo bilang mga anak ng liwanag. ⁹At ang mga bunga ng liwanag ay lahat ng anyo ng kabutihan, kabanalan at katotohanan.

¹⁰Suriin ninyo kung ano ang kalugod-lugod sa Panginoon. ¹¹Huwag makiisa sa mga walang bungang gawa ng dilim, kundi tuligsain ninyo ito. ¹²Nakakahiya ngang banggitin man lamang ang mga

bagay na ginagawa nila nang lihim. ¹³Subalit sa pagtuligsa rito, nalalantad ito sa liwanag; at naliliwanagan ang nalalantad sa liwanag. ¹⁴Ayon sa kasabihan: *Gumising ka, ikaw na natutulog, at magbangon mula sa mga patay, at liliwanagan ka ni Kristo.*

¹⁵Kaya mag-ingat kayo sa inyong asal. Sikapin ninyong mamuhay bilang mga marurunong at hindi bilang mga mangmang. ¹⁶Samantalahin ang panahon, sapagkat masama ang mga araw na ito. ¹⁷Dahil dito, huwag kayong maging walang-isip, kundi unawain ninyo kung ano ang kagustuhan ng Panginoon.

¹⁸Huwag kayong maglasing pagkat humahantong ito sa kahalayan; kundi punuin ninyo ng espiritu ang inyong sarili.

¹⁹Mag-usap-usap kayo sa mga salmo, mga papuri at awiting espirituwal. Magawitan kayo at ipagbunyi ang Panginoon nang buo ninyong puso, ²⁰at laging magpasalamat sa Diyos Ama para sa lahat ng bagay sa ngalan ng ating Panginoong Jesucristo.

Mga lalaki, mahalín ang inyong asawa

• ²¹Sundin ninyo ang isa't isa alang-alang kay Kristo.

Kristo, ang Anak ng Diyos, na nag-alay ng kanyang sarili nang dahil sa pag-ibig niya para sa atin, bilang daan, liwanag, at buhay.

Ang tanggihan ang lahat ng kahiya-hiya sa atin at ginagawa lamang sa dilim, o mas mabuti, ang makamalay sa liwanag na ibinigay sa atin at paningningin ito sa pamamagitan ng ating asal.

Ang maging mas makatwiran at responsable sa ating pamumuhay. *Sapagkat masama ang mga araw na ito* (16): ibig sabihin'y, kung hindi natin kayang maghusga, pumili, o gumawa ng pansariling disisyon, papapanatilihin tayong mahinang klase nito mismong pang-araw-araw na takbo ng mga pangyayari o aakayin tayo nito sa kasamaan. Nagbabago ang lahat kapag "gumigising" ang isang mananampalataya, ang mag-asawa, ang isang grupo, at naglalaan ng panahon araw-araw o linggo-linggo upang tuklasin ang kalooban ng Diyos para sa kanila, sa kapanahunan at kalagayan na kanilang kinaroroonan, at saka rerepasuhin ang mga nagawa na nila at iyong mga hindi pa.

Huwag maglasing (18). Kailangan ng mga tao ang

sigla, kaligayahan, at lakas: kung nanaisin nila, mararanasan nila ang sigla, kaligayahan at lakas na ipinagkakaloob ng Espiritu Santo. Ngunit hindi posibleng madama nang sabay ang kagalakang nang-gagaling sa Espiritu at iyong nanggagaling sa alkohol, bawal na gamot at mga mapanganib na dibersiyon.

Magawitan kayo (19) at sa gayon din natin mararanasan ang pag-alih ng Espiritu at matatagpuan ang kaparehong pananampalataya at kaparehong karanasan sa ating kapwa.

Sa sipi 5:21-6:9, madali nating makikita na inuulit ni Pablo, humigit-kumulang, ang isinulat niya nang di pa katagalan, sa Sulat sa mga taga-Colosas (3:18-4:1). Gayunpaman, nang nagsasalita siya tungkol sa "pagsailalim" ng bawat isa sa kanyang kapwa, lalo na ang pagsailalim ng babae sa awtoridad ng kanyang asawa, nakakakita si Pablo ng mga bagong ideya, na kanyang binubuo, tungkol sa kasal.

• 21. *Sundin ng mga babae... mga lalaki, mahalín ang inyong asawa.* Ang binibigyang-diin ni Pablo ay hindi ang pagiging sunud-sunuran ng mga

²² Sundin ng mga babae ang kanilang mga asawa na parang ang Panginoon.

²³ Ulo ng babae ang lalaki, kung paanong si Kristo ang ulo ng Iglesya – ang katawan – at siyang tagapagligtas nito. ²⁴ Gaya ng pagsunod ng Iglesya kay Kristo, gayon din naman dapat lubusang sundin ng mga babae ang kanilang mga asawa.

²⁵ Mga lalaki, mahal ininyo ang inyonyong asawa, gaya ni Kristo na nagmamahal sa Iglesya at inialay ang sarili dahil sa kanya. ²⁶ Pinabanal niya ito at nilinis sa paghugas ng magkasamang tubig at salita. ²⁷ Ginusto nga niyang maiharap sa kanya ang isang maluwalhating Iglesya

na walang bahid, mantsa o iba pang batik, kundi banal at walang dungis. ²⁸ Gayon din naman, dapat mahal ininyo ng mga lalaki ang kanilang mga asawa bilang sariling katawan.

Nagmamahal sa sarili ang nagmamahal sa kanyang asawa. ²⁹ Wala ngang napopoot sa sariling katawan, ngunit pinakakain at inaalagaan niya ito. Ganoon din ang ginagawa ni Kristo sa Iglesya, ³⁰ sapagkat mga bahagi tayo ng kanyang katawan.

³¹ Nasusulat: *Sa pagsasaalang-alang dito, iiwan ng lalaki ang ama at ina, at pipisan sa kanyang asawa, at silang dala-*

babae, kundi ang pagsailalim nila sa kanilang asawa *na parang sa Panginoon*. Sa katunayan, ipinasasailalim ng lipunan ng panahong iyon ang babae sa kanyang asawa. Kaya sinasabi sa kanya ni Pablo: “Sumailalim ka tulad sa pagsailalim sa Panginoon.” Sinasalamin ng pananalita ni Pablo ang kultura ng kanyang panahon tungkol sa kasal: kung ngayon siya susulat, ibang mga salita ang gagamitin niya. Kaya walang kinalaman ang “feminist issue” sa mahabang tekstong ito tungkol sa kasal.

Tinutukoy ni Pablo ang mga pangunahing kailangan: ang kaunahan ng pag-ibig sa isa’t isa at paggalang sa buhay-may-asawa; ang misteryosong kahulugan ng kasal bilang tanda (o sakramento) ng pag-ibig ni Kristo sa Iglesya (sa atin). Dapat pasiglahin ng doktrinang ito tungkol sa kasal ang mga kristiyano sa lahat ng dako at kultura.

Sa katunayan, nagkaroon na, mayroon, at magkakaroon pa ng iba’t ibang pangkulturang huwaran ng katayuan ng babae’t lalaki sa buhay-may-asawa. Kahit ngayon, iba ang “huwaran” ng Kanluran at ng Silangan; ng “first world” at “third world”; ng maykaya at ng masa.

Kaya dapat hanapin ng bawat mag-asawa ang kanilang sariling paninimbang, at magsaalang-alang sa kakayahan at likas na awtoridad ng bawat isa. Para sa mga Kristiyano, walang lugar para sa maling kuru-kuro ng kalalakihan na dapat sumailalim ang kababaihan. Sa pagsunod sa kagustuhan ng kabila, hindi mararamdaman ng isa na mas mahina siya, sapagkat mithiin ng bawat isang Kristiyano ang maglingkod sa kapwa (5:21).

Gaya ni Kristo na nagmamahal sa Iglesya. Siya ang malayang umibig sa atin, bagamat di tayo mas mabuti kaysa iba, katulad din ng pagpili ng babae’t lalaki sa isa’t isa kaysa iba na marahil ay mas maraming katangian.

Inialay niya ang sarili dahil sa Iglesya. Natagpuan tayo ni Kristo sa ating pagkakasala, at pinanagutan niya tayo hanggang sa huli: inialay niya ang kanyang buhay upang gawin tayong malinis. Itinuturo nito ang

pangunahing katangian ng Kristiyanong pag-ibig. Permanente ang pagsuko ng mag-asawa sa isa’t isa, at mula sa sandaling iyon, magsisikap ang bawat isa nang abot sa kanyang kaya para ilitas ang kabiyak, ibig sabihi’y, tulongan ang kabiyak na lumago at bumuti. Ang perpektong mag-asawa ay hindi iyong namumuhay nang walang problema at nasisiyahan sa mababang adhikain, kundi iyong pumipilit sa isa’t isa na magbigay ng kanilang pinakamainam.

Sa panghuhugas ng magkasamang tubig at Salita (tingnan ang Jaime 1:18-21 at Jn 15:3). Kung mahalaga ang ritwal, mas mahalaga ang pagtanggap natin ng Salita ng Diyos na nagbibigay-buhay sa atin.

Dakila ang lihim na katotohanang ito... (32). Tinutukoy ni Pablo ang *misteryosong* pagkakaisa ng Diyos at sangkatauhan kay Kristo, *ang nobyo* (Mc 2:19). Ngunit isang *misteryo* rin ang kasal, ibig sabihi’y, dakilang kayamanang hindi mauunawaan bago dumating si Kristo. Kapag tinatawag na sakramento ang kasal, ang kahulugan nito’y hindi lamang ang pagkakaroon ng seremonya ng simbahan: ang kahulugan nito’y ang kasal ay magiging larawan ng pag-ibig ni Kristo. Ipinakikita ng mga mag-asawang nagsasabuhay ng pag-ibig “ayon kay Kristo” ang misteryo ng pag-ibig ng Diyos sa piling ng mundo. Kaya ang kasal ay isang “sakramento”, o larawan at presensya ng isang bagay na banal. Tingnan ang Gen 1:26 at 2:22.

Ulo ng babae ang lalaki. Nabanggit na natin na isang kulturang kumikiling sa kalakihan ang tinutukoy ni Pablo. Gayunpaman, dapat tuparin ng lalaki ang kanyang mga tungkulin bilang ama ng tahanan, at dapat niyang mahal ininyo ang kanyang asawa. Tinutuligsa ng talatang ito ang mga lalaking nagpapaubaya ng tungkulin sa tahanan sa asawa, at gusto pang duminahan ito sa dahas: Di marapat sa lalaking nasa hustong gulang at sa Kristiyano ang ganitong mapag-angkin at selosong saloobin.

Ipinangangaral ni Pablo na ang huwaran ng pag-ibig may-asawa ay ang pag-ibig ni Kristo para sa lahat ng tao, at para sa lahat ng natitipon sa iisang katawan.

wa'y magiging iisang laman. ³²Dakila nga ang lihim na katotohanang ito: si Kristo at ang Iglesya ang tinutukoy ko. ³³Sa maikling salita, mahalina ng bawat lalaki ang kanyang asawa gaya ng sarili, at iginalang naman ng babae ang kanyang asawa.

Mga anak, mga magulang, mga alipin at mga amo

6 • ¹Mga anak, sumunod kayo sa inyong mga magulang: ito nga ang marapat. ²*Igalang mo ang iyong ama at ina:* ito ang unang utos na may pangako sa pagsasabing: ³*upang mapabuti ka at humaba ang iyong mga araw sa lupa.* ⁴Kayo naman, mga ama, huwag ninyong inisin ang inyong mga anak, sa halip turuan ninyo sila ayon sa mga turo at aral ng Panginoon.

⁵Mga alipin, sumunod kayo nang may tapat na puso sa inyong mga amo sa lupa na parang si Kristo ang inyong sinusunod nang buong ingat at paggalang. ⁶Maglingkod kayo hindi para magpakitang-tao lamang o para magbigay-lugod sa mga tao, kundi bilang mga alipin ni Kristo na buong pusong tumutupad sa kagustuhan ng Diyos. ⁷Maglingkod kayo nang maluwa sa loob na parang sa Panginoon at hindi sa mga tao. ⁸Alam ninyo na gagantimpalaan ng Panginoon

ang anumang kabutihang ginagawa ng tao, maging alipin man siya o malaya.

⁹Mga amo, ganito rin ang gawin ninyo. Iwaksi ang pananakot at alalahanin ninyo na may iisang Panginoon kayo at sila sa langit at wala siyang kinikilingan.

Sa Panginoon kumuha ng lakas

• ¹⁰Sa wakas, sa Panginoon kayo kumuha ng lakas, at sa bisa ng Kanyang lakas. ¹¹Isakbat ninyo ang mga sandata ng Diyos upang malabanan ninyo ang panlilinlang ng diyablo. ¹²Sapagkat hindi laman at dugo ang ating mga kalaban, kundi ang mga Pamunuan at Kapangyarihan na mga pinuno ng mundong ito ng dilim; sila ang masasamang espiritung nasa kaitaasan.

¹³Kayat isakbat ninyo ang mga sandata ng Diyos upang sa araw ng kasamaan ay hindi kayo umatras at maging matatag pa rin kayo sa paggamit sa mga ito. ¹⁴Ang katotohanan nawa ang maging sinturon ninyo, kabanalan ang maging baluti ninyo, ¹⁵at ang pagkamasigasig sa Ebanghelyo ng Kapayapaan ang maging sapatos ninyo. ¹⁶Lagi ninyong hawakan ang kalasag ng pananampalataya para patayin ang lahat ng nagliliyab na palaso ng Masama. ¹⁷Isuklob din ninyo ang helmet ng kaligtasan at hawakan ang tabak ng Espiritu, na salita ng Diyos.

Kaya hinihikayat ang mga mag-asawa na huwag magkulang sa pag-ibig may-asawa; dapat silang humanap ng paraan para tulungan, paunlarin, at iligtas ang kanilang kapaligiran. Kinakailangan ng daigdig ang pagpapamanaag ng kanilang tunay na pag-ibig pati na ang kanilang komitment sa paglilingkod sa kapwa.

• **6.1** Malinaw na ayaw ni Pablo ng kawalan ng kaayusan at disiplina sa pamilya pati na sa komunidad. Binibigyan niya ang mga magulang ng mga matatag na simulain ng edukasyon: maging mapasensya, sikaping makilala at maintindihan ang anak, at pangaralan siya sa Kristiyanong pamamaraan, nang walang pagmamalupit ni pagkamaluwa, ang dalawang patibong ng paghuhubog. Tingnan ang komentaryo sa Sirac 30:1-2.

Ipinaaalala ni Pablo sa alipin ang kanyang kadakilaan at isinasamo na mamuhay siya nang marangal, nang walang pagkabusabos: ito ang unang hakbang patungo sa tunay na paglaya.

• 10. Marami sa kabataan at mabubuting tao ang umaalis sa ipinalalagay nilang Kristiyanismo; hindi kaya ito dahil sa akala nila na hindi nagbibigay sa kanila ang Kristiyanismo ng adhikaing kapantay ng kanilang sigla? Hindi makakapukaw-damdamin ni makakaakit ang pananampalatayang walang pinagbabayaran, at nagbibigay-matwid sa lahat ng bagay. Kinakailangang mabawi natin ang lumalabang diwa ng Kristiyanismo.

Sa pagsunod kay Kristo, na pumarito upang lupigin ang “Prinsipe ng Kadiliman”, alam ng mga Kristiyano na kinakailangang lumaban sila sa nalupig na haring ito

¹⁸ Kaya lagi kayong manalangin sa espiritu sa lahat ng inyong pagdarasal at kahilingan. Magbantay kayo sa gabi sa matiyagang pagdalangin alang-alang sa lahat ng banal, ¹⁹ at alang-alang din sa akin. Ipanalangin ninyo na sa pagbuka ng aking bibig, maipangaral ko nang walang-takot ang lihim na yaman ng Ebanghelyo. ²⁰ Ako'y embahador na nakakadena alang-alang dito; kaya manalangin kayo na maipahayag ko ito gaya ng nararapat kong gawin.

²¹ Gusto kong malaman din ninyo ang

tungkol sa akin at sa gawain ko. Ibabalita ito sa inyo ni Tiquico na pinakamamahal na kapatid at tapat na lingkod ng Panginoon. ²² Sinugo ko siya sa inyo upang balitaan kayo tungkol sa akin at aliwin ang inyong mga puso.

²³ Kapayapaan sa mga kapatid, at pag-ibig na may pananampalataya mula sa Diyos Ama at sa Panginoong Jesucristo! ²⁴ Nawa ang kagandahang-loob ay sumasalihat ng nagmamahal sa ating Panginoong Jesucristo nang may pag-ibig na walang-maliw.

hanggang sa ikalawang pagdating ni Kristo. Ang mga pag-uusig, katiwalian sa Iglesya, mga tukso na masiraan ng loob at sumuko, lahat ng ito'y nang-gagaling sa demonyo na nasa lahat ng dako. Sa

paglaban sa demonyo, ang mga sandata lamang na iniwan sa atin ni Kristo ang may bisa: *katotohanan, kabanalan, pagkamasigasig sa Ebanghelyo, pananampalataya, ang Salita ng Diyos.*